Sa Mga Kliyente ng Mga Shinkin Bank

# Kahilingan ng Pag-unawa at Kooperasyon sa Pirmihang Pagpapatunay ng Inyong Impormasyon

**- Upang masugpo ang money laundering kaugnay sa pagpopondo ng mga aktibidad ukol sa terorismo-**

Nitong nakalipas na ilang taon, lalong naging importante sa loob ng pandaigdigang pamayanan ang pagsagawa ng estratehiya at mahusay na pamamaraan para malabanan ang money laundering at mga pakanang nakalaan sa pagpopondo ng mga gawaing terorismo. Kahit sa bansang Hapon, nangyayari ang mga krimeng pampinansyal na kung saan ginagamit ang bank accounts sa pagpapatupad ng mga mapalinlang na iskema.

Ang mga institusyon pampinansyal ay nagtatatag ng iba't ibang estratehiya at mahusay na pamamaraan upang hadlangan at pigilan ang mga sinabing kriminal na pagkilos. Sa Shinkin Bank, upang makapagnegosyo o makagawa ng transaksyon nang matiwasay at walang pangamba ang aming mga pinahahalagahang kliyente, nagtatag kami ng ilang patakaran ayon sa “Batas sa Pag-iwas sa Paglipat ng Mga Kinita sa Krimen" at “Mga Alituntunin sa Money Laundering at Mga Iskemang Pananalapi na Kaugnay sa Terorismo" galing sa Ahensya ng Serbisyong Pampinansyal.

Isang bahagi ng mga estratehiyang isinasagawa ng bawat institusyong pampinansyal, **kasama na ang Mga Shinkin Bank, ay ang pagtitiyak ng kasalukuyang impormasyon ng bawat kliyente ayon sa nakaatas na pamamalakad na sunod-sunod (*).**

(*) Mayroon kaming sistema ng pagpapatunay ng nilalaman at mga pangyayaring nauukol sa transaksyon, na kung saan pirmihang tinitiyak ang mga impormasyong magkaugnay, pati na rin ang hangad at layunin ng customer, bukod pa sa ibang usapin.

Ang ganitong sistema ng pirmihang pagtitiyak ng impormasyon ng kliyente ay nagsisilbing mapanatiling ligtas ang account ng aming mga pinahahalagahang customer at hindi ito mahalo sa account o magamit ng mga kriminal na organisasyon, grupo ng mga terorista at mga katulad nito, na nagbubukas ng bank account para magamit ang pasilidad ng bangko para sa mga layuning labag sa batas.

Kung kaya hinihiling namin ang inyong pag-unawa at kooperasyon sa **aming pagsasagawa ng pirmihang pagpapatunay ng inyong impormasyon** para sa pagpapatupad ng mga sinabing layunin sa itaas.

Kamakailan lamang, sinubukan ng ilang kriminal ang pagkuha ng impormasyon ng mga kliyente sa pamamagitan ng iba't ibang mapalinlang na paraan, kung kaya lubos kaming magpapasalamat kung ibabahagi ninyo sa amin ang hindi pangkaraniwan o kahina-hinalang bagay o insidente na tumawag ng inyong pansin sa sangay nito ng Shinkin Bank na inyong ginagamit sa transaksyon.

Face to Face 一般社団法人 全国信用金庫協会
The National Association of Shinkin Banks

金融庁
Financial Services Agency